

WARM-UP

- Ano ang isa sa pinakamahirap na sitwasyon na hinarap mo? Paano mo ito nalampasan?
- Magkwento tungkol sa pinakamatandang taong kilala mo ngayon. Kailan siya ipinanganak at anong mga karanasan ang pinagdaanan niya?
- Masasabi mo bang alam mo at nakikibahagi ka sa mga *current events* o mga kasalukuyang nangyayari sa lipunan? Bakit mo ito nasabi?

WORD ²⁶*Iniuutos ko sa lahat ng tao na nasasakupan ng aking kaharian na matakot at gumalang sa Diyos ni Daniel. Sapagkat siya ang buhay na Diyos at nabubuhay magpakailanman. Ang paghahari niya ay walang hanggan, at walang makakapagbagsak nito. ²⁷Nagligligtas siya at gumagawa ng mga himala at kababalaghan sa langit at dito sa lupa. Iniligtas niya si Daniel mula sa mga leon.” DANIEL 6:26-27*

(Basahin din ang **DANIEL 6:1-25, 28.**)

Sinusundan natin ang buhay ni Daniel—isa sa mga Hebreo na dinala sa Babilonia, na kinilala ng mga hari dahil sa kanyang kahusayan at karunungan. Sa ilalim ng imperyo ng Medo-Persia, si Daniel ay naglingkod kay Haring Darius. Maraming beses na nasubukan ang katapatan ni Daniel sa Panginoon. Ang kabanatang ito ay naglalaman ng kanyang pinakamatinding pagsubok: inihulog siya sa isang kulungan ng mga leon dahil sa pagdarasal niya sa Diyos. Sa araling ito, titingnan natin ang pangunahing tauhan sa kuwento ng buhay ni Daniel, ng kasaysayan, at ng bawat pangyayari sa mundo: ang Diyos.

1 | Ang Diyos ang namamahala sa ating mga sitwasyon.

²¹Sumagot si Daniel, “Mahal na Hari! ²²Hindi ako sinaktan ng mga leon, dahil nagpadala ang Diyos ng kanyang mga anghel para itikom ang mga bibig ng mga leon. Ginawa ito ng Diyos dahil alam niyang matuwid ang aking buhay at wala akong ginawang kasalanan sa inyo.” **DANIEL 6:21–22**

Nakatanggap ng pabor si Daniel mula kay Haring Darius at naglingkod siya sa kanya nang may katapatan at kahusayan. Ngunit nang si Daniel ay nagpatuloy sa pagsamba sa Diyos lamang, kinailangan ni Darius na tuparin ang kanyang utos na parusahan si Daniel. Iniutos niya na ilagay si Daniel sa isang kulungan ng mga leon. Ngunit nagpakita ang Diyos, itinikom ang mga bibig ng mga leon, at iniligtas ang buhay ni Daniel. Ang Diyos ay nanatiling tapat kay Daniel mula pa noong kanyang kabataan sa Juda hanggang sa kanyang pagtanda bilang isang lingkod sa kaharian ng Medo-Persia. Ang Diyos ay naroon sa lahat ng mga kaganapan sa buhay ni Daniel. Iniligtas siya ng Diyos mula sa mga imposibleng sitwasyon—kabilang na ang kulungan ng mga leon. Paano sinubukang tulungan ng hari si Daniel (Daniel 6:14, 16, 18–20)? Paano ipinakita ng Diyos na mas dakila Siya kaysa kay Haring Darius?

2 | Ang Diyos ang namamahala sa kasaysayan at sa mga bansa.

²⁵Pagkatapos ay sumulat si Haring Darius sa lahat ng tao sa iba't ibang bansa, lahi at wika sa mundo. Ito ang nakasulat: “Nawa’y nasa mabuti kayong kalagayan. ²⁶Iniuutos ko sa lahat ng tao na nasasakupan ng aking kaharian na matakot at gumalang sa Diyos ni Daniel. Sapagkat siya ang buhay na Diyos at nabubuhay magpakailanman. Ang paghahari niya ay walang hanggan, at walang makakapagbagsak nito. ²⁷Nagliligtas siya at gumagawa ng mga himala at kababalaghan sa langit at dito sa lupa. Iniligtas niya si Daniel mula sa mga leon.” **DANIEL 6:25–27**

Paanong nangyari na ang pagsuway ng Juda, ang kakila-kilabot na pagkabihag sa ibang bayan, at ang pagbagsak ng

imperyo ng Babilonia ay naging isang kuwento ng isang hari ng Persia na nagbibigay papuri sa Diyos? Nakikita ni Daniel ang katuparan ng panaginip ni Nebucadnezar sa Daniel 2 (tungkol sa pagkakatatag at pagbagsak ng iba't ibang mga kaharian). Laging may mas malaking plano at layunin ang Diyos. Siya ang naghahari sa lahat ng mga namumuno, mga kaharian, at mga bayan. Siya ang naghahabi ng mga hibla ng kasaysayan, may plano Siya upang tubusin tayo, at mananaig ang Kanyang layunin. Ang Kanyang kamay ay nananatiling matatag sa pagbangon at pagbagsak ng mga bayan. Ano ang utos ni Haring Darius? Para kanino ito ipinag-utos? Paano inilarawan ni Darius ang Diyos?

3 Ang Diyos ang namamahala sa mga pagbabago ng kalagayan.

Naging maunlad ang buhay ni Daniel sa panahon ng paghahari ni Darius at sa panahon ng paghahari ni Cyrus na taga-Persia.

DANIEL 6:28

Pinangangalagaan ng Diyos ang maliliit at malalaking bagay sa ating buhay at sa mundo. Pinangalagaan Niya si Daniel at pinahintulutan siyang maglingkod kina Nebucadnezar, Belshazar, Darius, at Cyrus. Pinahintulutan Niya ang pagkakatatag at pagbagsak ng mga kaharian upang matupad ang Kanyang plano—ibinalik Niya ang mga natirang mamamayan ng Israel sa pamamagitan ni Cyrus. Tuwing dumaraan tayo sa mga pagbabago ng kalagayan (personal man, pambansa, o global), nananatili ang Diyos sa atin. Ang Diyos ang namamahala. Paano nakikita ang katotohanan nito sa mga nakaraan, kasalukuyan, at magaganap pa lamang na pagbabago ng kalagayan? Bakit tayo dapat umasa sa Diyos at hindi sa ating sarili o sa iba?

APPLICATION

- Maglaan ng ilang oras upang matukoy kung sino o ano ang iyong pinagkakatiwalaan. Bakit ang Diyos lamang ang higit na karapat-dapat sa ating pagtitiwala? Paano ka mas magtitiwala sa Kanya simula ngayon?
- Paghambingin ang kasaysayan na saklaw sa Daniel at ang kasaysayan at sitwasyon ng iyong bansa. Naniniwala ka ba na ang Diyos ang namamahala sa buong kasaysayan at sa bawat bayan? Paano mo maisasapamuhay ngayong linggo ang katotohanang ito?
- Mag-isip ng isang taong kilala mo na ang sitwasyon ay maaaring katulad ng kay Daniel: nanganganib na humarap sa mga kahihinatnan ng paglilingkod niya sa Diyos. Planuhin na makipag-ugnayan sa kanya, magpalakas ng kanyang loob, at manalangin na maranasan niya ang katapatan at proteksyon ng Diyos kahit sa gitna ng kulungan ng mga leon.

PRAYER

- Ipanalangin na kilalanin ng mga tao sa iyong bansa ang kapangyarihan ng Diyos sa mga sitwasyon, sa kasaysayan, at sa mga pagbabago ng kalagayan. Ipanalangin na makilala ng mga tao ang Diyos at matupad ang Kanyang plano.
- Ipanalangin na manatiling tapat sa Diyos ang iglesia at ipahayag sa iba ang Kanyang katotohanan sa kabila ng pag-uusig at panganib. Ipanalangin na mas maraming tao ang maglilingkod sa Diyos tulad ng ginawa ni Daniel.
- Ipanalangin na ang mga pinuno sa iyong bansa ay gagawa ng mga utos na magbibigay karangalan sa Diyos, gaya ng ginawa ni Darius. Ipanalangin na mabuksan ang kanilang mga mata upang makita nila kung sino ang Diyos.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2015 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Ian Susi, Esther Suson, Kriscel Wee
victory.org.ph